



## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

### KAPASTYAHAN BLG. 08-43

May-akda : Kag. Maurito C. Sison

**NAGSUSUSOG SA KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 02-98 NA NAGBABAWAL SA SINOMAN NA MAGTAYO O MAGLAGAY NG ANUMANG URI NG NEGOSYO NA SUMASAKOP SA MGA PAMPUBLIKONG LANSANGAN NA NAKASASAGABAL SA DAANAN NG TAO AT DALOY NG TRAPIKO SA BAYAN NG GENERAL TRIAS.**

**SAPAGKAT, sa kabila ng pagpapatupad ng Kautusang Pambayan Big. 02-98 ay patuloy ang paglipana at pag-usbong ng mga ilegal na estruktura sa mga pampublikong lansangan sa bayan ng General Trias, at sa kasalukuyan ay kabilang dito ang pagtatayo ng may-ari at mga negosyante sa tapat ng kanilang establisyemento na sumasakop sa mga pampublikong lansangan at nakasasagabal sa daanan ng tao at daloy ng trapiko;**

**SAPAGKAT, upang maisaayos at maging angkop sa kasalukuyang panahon at sa mga sumusunod na panahon ay kailangang bigyang pansin ang pagsusog ng Kautusang Pambayan Big. 02-98 para sa kapakanan ng bayan;**

**SAPAGKAT, itinatakda sa Artikulo III Seksyon 447 ng Batas Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Sangguniang Bayan, bilang siyang gumagawa sa mga batas para sa bayan ay magsasagawa o gagawa ng mga ordenansa, magpapatibay ng mga resolusyon o kapasiyahan xxxxxx Artikulo III Seksyon 447 (a-5) (vi) "Mamamahala sa trapiko sa lahat ng mga kalsada at mga tulay, magbabawal sa paglalagay ng anumang sumasakop, mga makasasagabal doon, at, kung kinakailangan sa kapakanan ng publiko, magpapahintulot sa pag-aalis ng mga sagabal at mga ipinagawang labag sa batas sa mga lugar pampubliko;**

**SAPAGKAT, sa hangaring mapangalagaan ang kaligtasan ng mamamayan at isaayos ang paggamit ng mga pampublikong lansangan o mga lugar pampubliko ay kinakailangang mag-akda ng panibagong Ordenansa na sususog sa Kautusang Pambayan Big. 02-98, upang magsilbing pamantayan na tutugon sa lumalalang problema na kinahaharap ng pamahalaang bayan;**

**DAHIL DITO, iminungkahi ni Kag. Maurito C. Sison, at pinangalawahan ng lahat, na**

**PAGTIBAYIN, at dapat pagtibayin, ang isang Ordenansang sususog sa Kautusang Pambayan Big. 02-98, at ito ay makikilala na isang Kautusang Pambayan Big. 08-02, na mababasa tulad ng mga sumusunod:**


### KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 08-02

**IPINAGBABAWAL SA SINOMANG TAO ANG MAGTAYO O MAGLAGAY NG ANUMANG URI NG NEGOSYO NA SUMASAKOP SA MGA PAMPUBLIKONG LANSANGAN NA NAKASASAGABAL SA DAANAN NG TAO AT DALOY NG TRAPIKO SA BAYAN NG GENERAL TRIAS.**

**MAY KARUGTONG SA SUSUNOD NA PAHINA**

  
RICHARD R. PARIN  
Kagawad

  
PRIMITIVO S. PORTO  
Kagawad

  
BIENVENIDO M. CUSTODIO  
Kagawad


  
MAURITO C. SISON  
Kagawad

  
WALTER C. MARTINEZ  
ABC-President

  
ALFREDO L. POZAS  
Kagawad

  
CARLOS S. VINIEGRA II  
Kagawad

  
NOEL A. MORENA  
Kagawad





## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Karugtong... pahina 2 ng Kapasiyahan Blg. 08-43:

**NAGSUSUSOG SA KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 02-98 NA NAGBABAWAL SA SINOMAN NA MAGTAYO O MAGLAGAY NG ANUMANG URI NG NEGOSYO NA SUMASAKOP SA MGA PAMPUBLIKONG LANSANGAN NA NAKASASAGABAL SA DAANAN NG TAO AT DALOY NG TRAPIKO SA BAYAN NG GENERAL TRIAS.**

**Pangkat 1.** Mahigpit na ipinagbabawal sa sinomang tao na magtayo ng anumang uri ng hanapbuhay sa tapat ng mga pampublikong lansangan sa bayan ng General Trias na sumasakop sa daanan ng tao at nakasasagabal sa daloy ng trapiko, tulad ng:

**1.1** Sidera- isang uri na negosyo (karihan, tindahan, etc.) na maaaring ipalipat-lipat sa iba't ibang lugar.

**1.2** Ponda- isang maliit na estruktura na itinayo bilang pansamantala o permanenteng tindahan.

**1.3** Mga estruktura ng may-ari ng establisyemento na lumalampas at sumasakop sa set-back ng kanilang hangganan ayon sa itinatadhana ng batas.

**1.4** At iba pang katulad na uri ng negosyo.

**Pangkat 2.** Inaatasan magpatupad ang mga sumusunod:

**2.1** Inaatasan na i-ulat ng Sangguniang Barangay ang lahat ng mga di-tumutupad sa batas sa mga tanggapang sumusunod:

- a. Business Permit and Licensing Office (BPLO)
- b. Engineering/Building Office

**2.2** Business Permit and Licensing Office (BPLO)

**2.3** Inaatasan na tiyakin ang mga pangalan ng mga negosyo o business na lumabag ayon sa talaan.

**2.4** Engineering Office

- a. Magsagawa ng imbestigasyon para matiyak kung nagkaroon ng di-pagtupad.
- b. Magpadala ng abiso o notice sa mga tindahan o negosyong may paglabag sa batas.
- c. Mag-sumite ng talaan ng mga tindahan o negosyong di-tumutugon sa batas sa tanggapan ng BPLO at Punong Bayan.
- d. Magsampa ng kaukulang kaso sa mga negosyong di-tumutupad sa kautusan.

MAY KARUGTONG SA SUSUNOD NA PAHINA.

  
RICHARD R. PARIN  
Kagawad

  
PRIMITIVO S. PORTO  
Kagawad

  
BIENVENIDO M. CUSTODIO  
Kagawad

  
MAURITO C. SISON  
Kagawad

  
WALTER C. MARTINEZ  
ABC President

  
ALFREDO L. POZAS  
Kagawad

  
CARLOS S. VINEGRA II  
Kagawad

  
NOELIA A. MORENA  
Kagawad





## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Karugtong...pahina 3 ng Kapasiyahan Blg. 08-43:

**NAGSUSUSOG SA KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 02-98 NA NAGBABAWAL SA SINOMAN NA MAGTAYO O MAGLAGAY NG ANUMANG URI NG NEGOSYO NA SUMASAKOP SA MGA PAMPUBLIKONG LANSANGAN NA NAKASASAGABAL SA DAANAN NG TAO AT DALOY NG TRAPIKO SA BAYAN NG GENERAL TRIAS.**

### 2.5 Pambansang Kapulisan (PNP)

- a. Inaatasang magpatupad ng seguridad sa mga pampublikong lansangan.

**Pangkat 3. Ang sinomang tao o mga tao na napatunayang lumabag sa Kautusang ito ay papatawan ng kaparusahan sa mga sumusunod na pamamaraan:**

#### 3.1 Unang Paglabag

Multa ng halagang Limang Daang Piso (Php 500.00)

#### 3.2 Ikalawang Paglabag

Multa ng halagang Isang Libong Piso (Php 1,000.00)

#### 3.3 Ikatlong Paglabag

Multa ng halagang Dalawang Libong Piso (Php 2,000.00) o pagkabilanggo ng hindi hihigit sa sampung (10) araw o kapwa multa at pagkabilanggo ayon sa hatol ng hukuman, at

Kung ang lumabag ay may-ari ng isang establisyemento o tindahan ito ay papatawan ng pagkansela ng Business Permit na ipinagkaloob ng Tanggapan ng Punong Bayan.


**Pangkat 4. Ang Kautusang ito ay magkakabisa simula sa paglagda nito.**

**PINAGTIBAY sa ilalim ng HULING PAGBASA noong IKA-14 NG HULYO 2008.**

  
MAURITO C. SISON  
Kagawad

  
BIENVENIDO M. CUSTODIO  
Kagawad

  
PRIMITIVO S. PORTO  
Kagawad

  
RICHARD R. PARIN  
Kagawad

  
NOEL A. MORENA  
Kagawad

  
CARLOS S. VINIEGRA II  
Kagawad

MAY KARUGTONG SA SUSUNOD NA PAHINA.

  
ALFREDO L. POZAS  
Kagawad

  
WALTER C. MARTINEZ  
ABC-President



Republika ng Pilipinas  
Lalawigan ng Kabite  
Bayan ng General Trias

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

PRIMITIVO S. PORTO  
Kagawad

Karugtong... pahina 4 ng Kapasiyahan Blg. 08-43:

**NAGSUSUSOG SA KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 02-98 NA NAGBABAWAL SA SINOMAN NA MAGTAYO O MAGLAGAY NG ANUMANG URI NG NEGOSYO NA SUMASAKOP SA MGA PAMPUBLIKONG LANSANGAN NA NAKASASAGABAL SA DAANAN NG TAO AT DALOY NG TRAPIKO SA BAYAN NG GENERAL TRIAS.**

RICHARD R. PARIN  
Kagawad

  
ALFREDO L. POZAS  
Kagawad

  
WALTER C. MARTINEZ  
ABC President

PINATUNAYANG WASTO:

  
WENCESLAO P. CAMUNGAY  
Kalihim

PINAGTIBAY:

  
FERNANDO P. CAMPAÑA  
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

BINIGYANG-PANSIN:

  
LUIS A. FERRER IV  
Punong Bayan

CARLOS S. VINEGRA II  
Kagawad

MAURITO C. SISON  
Kagawad

NOEL A. MORENA  
Kagawad